# IMPORMASYON PARA SA MGA BONDSPERSON

**Ano ang tungkulin ng isang bondsperson?**
Bilang isang bondsperson, ikaw ay magdedeposito at/o mangangakong magbibigay ng pera upang matiyak na susundin ng taong nasa detention ang lahat ng kundisyon ng utos sa pag-aabswelto. Maaari mo ring isaalang-alang ang pag-aalok ng tirahan sa taong nasa detention. Ang Miyembrong dumidinig ng kaso ang magpapasya kung ang iyong alok, kasama ng iba pang mga kundisyon, ay naaangkop na alternatibo sa detention. Kung hindi susundin ng tao ang lahat ng kundisyon sa pag-aabswelto, maaaring kunin ng Canada Border Services Agency (CBSA) ang perang idineposito at/o ipinangako mo. Kung alam mong hindi sinusunod ng tao ang utos sa pag-aabswelto, dapat mong abisuhan kaagad ang CBSA upang magampanan ang iyong mga responsibilidad bilang isang bondsperson.

**Ano ang mga naaangkop na katangian ng isang bondsperson?**
Dapat na asahang haharap ang mga bondsperson sa isang pagsusuri sa detention upang matasa ng Miyembro kung naaangkop ka. Kasama sa ilang pagsasaalang-alang ang, ngunit hindi limitado sa:

- isang mamamayan ng Canada o permanenteng residente ng Canada (kung nangangakong magbibigay ng performance bond)
- hindi bababa sa 18 taong gulang
- matatagpuan at kasalukuyang nakatira sa Canada (kung nangangakong magbibigay ng performance bond)
- kilala niya ang taong nasa detention
- boluntaryong nagpresinta
- nakahandang mangako na ibibigay ang sarili mong pera
- nag-alok ng pagsubaybay sa taong nasa detention

**Magkano ang kinakailangan?**
Walang partikular na kinakailangang halaga ng pera; nakadepende sa iyo ang halagang handa mong ibigay. Ang pinal na halaga ay tutukuyin sa pagdinig ng Miyembro. May dalawang uri ng bond: mga deposito at garantiya.

**Ano ang isang deposito?**
Ito ay karaniwang tinatawag na cash bond. Sa pagdinig, tatanungin ka kung saan manggagaling ang pera. Hindi ito maaaring pondo na mula sa taong nasa detention. Ang taong nasa detention ay hindi iaabswelto mula sa detention



*ID – 674bi (2016/07/11)*
*Disponible en français*

hanggang sa maideposito ang mga pondong ito. Pinamamahalaan ng CBSA ang mga paraan para sa pagdedeposito.

**Ano ang isang garantiya?**

Ito ay karaniwang tinatawag na performance bond. Aatasan kang ibigay ang perang ipinangako mo kung hindi iginagalang ng tao ang mga kundisyon ng kanyang utos sa pag-aabswelto. Tatasahin ng CBSA ang kakayahan mong magampanan ang iyong obligasyon. Halimbawa, ang halaga na kwalipikado mong ipangako ay nakadepende sa ibibigay mong patunay na dokumento upang maipakita ang iyong mga kasalukuyang asset, gaya ng patunay ng pagmamay-ari ng bahay o taunang kita. Kung wala kang anumang kita o mga asset, hindi ka maaaring maging kwalipikadong magbigay ng performance bond.

**Kailan matatapos ang aking mga responsibilidad bilang isang bondsperson?**

Magkakaiba ang bawat kaso; walang nakatakdang yugto ng panahon. Bilang isang bondsperson, responsibilidad mong subaybayan ang tao hanggang sa matapos ang kanyang mga usapin hinggil sa imigrasyon. Ang mga usapin hinggil sa imigrasyon ng isang tao ay maaaring tumagal nang ilang linggo lang, ngunit maaari din itong tumagal nang ilang taon bago matapos. Sa huli, mababawi mo lang ang iyong pera kung nakasunod ang taong sinusubaybayan mo sa lahat ng kanyang kundisyon sa pag-aabswelto. Kung nilabag ng tao ang anumang kundisyon ng utos sa pag-aabswelto, nanganganib na mawala sa iyo ang perang idineposito at/o ipinangako mo.

**Paano kung gusto kong baguhin ang isang kundisyon o alisin ang aking sarili bilang isang bondsperson?**

Inaasahang mananatili ka bilang bondsperson hanggang sa matapos ang mga usapin hinggil sa imigrasyon ng tao. Sa mga hindi karaniwang kaso, gaya ng pagpapanukala ng bagong bondsperson, maaari kang alisin bilang bondsperson ng Miyembro. Sa mga hindi karaniwang kaso na ito, kung saan ayaw mo nang kumilos bilang isang bondsperson, dapat kang mag-apply sa pamamagitan ng pagsulat sa Immigration Division Registry at ipadala ang mga kopya ng iyong aplikasyon sa CBSA at sa nauugnay na tao. Walang garantiya na pagbibigyan ang iyong kahilingan. Kung minsan, maaaring kailanganin ng bagong pagdinig, o maaaring pagbigyan o tanggihan ang kahilingan nang walang nagaganap na pagdinig.

**Mga karagdagang mapagkukunan para sa mga bondsperson**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pagsusuri sa detention, pakitingnan ang pamphlet ng Mga Pagdinig na Pagsusuri sa Detention na makukuha sa web site ng IRB sa http://www.irb-cisr.gc.ca/Eng/detention/Pages/detention.aspx.



*ID – 674bi (2016/07/11)*
*Disponible en français*